

Pangkalahatang-ideya ng Proseso ng Reklamo ng Komunidad sa Espesyal na Edukasyon (SECC)

Tatanggapin ng Tanggapan ng Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) ang kumpletong reklamo ng komunidad sa espesyal na edukasyon na inihain ng nagrereklamo. Pipirmahan ang reklamo at ipapadala rin ito sa distrito ng paaralan. (**Araw 1**)

Bubuksan ng OSPI ang reklamo at ipapadala nito sa pamamagitan ng email ang mga sulat sa distrito ng paaralan at sa nagrereklamo, kung saan isinasaad ang (mga) isyung iimbestigahan. Hihilingin ng sulat ng distrito sa distrito na bigyan ang OSPI ng tugon at dokumentasyon, gaya ng mga IEP, ulat ng pagsusuri, kopya ng mga email, atbp.

Mayroong **17 araw sa kalendaryo*** ang distrito para tumugon sa (mga) isyung tinukoy para sa imbestigasyon. * Maliban kung binigyan ng ekstensiyon ng OSPI.

Tatanggapin ng OSPI ang tugon ng distrito sa nagrereklamo at susuriin ito para tiyaking inalis sa reklamo ang lahat ng hindi natukoy na personal na impormasyong nagsasabi ng pagkakakilanlan tungkol sa mga mag-aaral.

Magpapadala sa email ang OSPI ng kopya ng tugon ng distrito sa nagrereklamo. *Kung walang legal na awtoridad ang nagrereklamo na i-access ang mga tala sa edukasyon ng mag-aaral at hindi ito nagbigay sa OSPI ng pinirmahang release para i-access ang mga tala ng mag-aaral, hindi ibibigay ng OSPI sa nagrereklamo ang mga tala sa edukasyon ng mag-aaral.

Mayroong **10 araw sa kalendaryo*** ang nagrereklamo para sumagot nang may karagdagang impormasyong nais niyang isaalang-alang ng OSPI bilang bahagi ng imbestigasyon. *Maliban kung binigyan ng ekstensiyon ng OSPI.

Tatanggapin ng OSPI ang tugon ng nagrereklamo. Magpapadala sa email ang OSPI ng kopya ng tugon ng nagrereklamo sa distrito.

Susuriin ng OSPI ang lahat ng impormasyong ibinigay ng nagrereklamo at ng distrito bilang bahagi ng imbestigasyon.

Kung kailangan, hihilingin ng OSPI sa distrito o sa nagrereklamo na magbigay ng karagdagan o naglililinaw na impormasyon. Maaari ding magsagawa ang OSPI ng mga panayam o direktang pagbisita sa silid-aralan.

Magpapadala ang OSPI ng email sa distrito at nagrereklamo na may nakasulat na desisyon nang hindi lalampas sa **60 araw sa kalendaryo** mula sa petsa kung kailan natanggap ng OSPI ang reklamo. (**Araw 60**)

